*MALAY 36(1) Disyembre 2023, pp. 77-97*

# Lunas sa Paglimot: Ang Liberal na Demokrasya bilang Kontradiskurso sa Apat na Kuwentong Pambata tungkol sa Batas Militar

## *Against Forgetting: Liberal Democracy as Counter-Discourse in Four Children's Stories about Martial Law*

John Leihmar C. Toledo
Pamantasang De La Salle, Manila
john.leihmar.toledo@dlsu.edu.ph

Itinuturing ang mga librong pambata bilang daluyan ng politikal na pagkamulat at sosyalisasyon ng kabataan tungo sa isang edukasyong pansibika. Ibig sabihin, maaaring itampok ang mga politikal na tema sa mga kuwentong pambata. Mahalagang maipaalala ng mga manunulat sa kabataan ang halaga ng liberal na demokrasya sa pamamagitan ng panitikan. Natagpuan na masyadong manipis ang mga pag-aaral tungkol sa mga aklat pambata na pumapaksa sa kasaysayan ng Batas Militar noong dekada '70. Nais buksan ng pag-aaral ang pagsusuri sa kuwento at ilustrasyon ng apat na kuwentong pambata na inilimbag mula 2000 hanggang 2018 na pumapaksa sa Batas Militar. Gamit ang masinop na pagbasa sa pamamaraan ng ideolohikal na kritisismo sa mga kuwento at koda sa ilustrasyon ng mga kuwentong pambata, inalam sa panimulang sarbey na ito kung ano ang representasyon ng mga bata, mga martir, mga aktibista, at mga elemento ng estado at kung bumabalikwas ba ang mga kuwento sa nakasanayan o inuulit lamang nito ang mga mito ng Batas Militar. Natukoy ang matinding pagkiling ng mga kuwento sa liberal na demokrasya. Gayundin, nadiskubre na may dalawang uri ng representasyon ng mga bata, ang pasibong naghihintay ng EDSA at ang batang aktibong nakikilahok sa kilusang makabayan laban sa diktadurya.

**Mga Susing Salita**: Batas Militar, EDSA, ideolohiya, liberal na demokrasya, panitikang pambata

*Children's books are media where young readers can become politically aware and socialized towards a civic education. This implies political themes are possible in children's stories. One important responsibility of book authors today is to raise children's consciousness on the value of liberal democracy through literature. There is a thin scholarship on children's books that show Martial Law history in the 1970s. This study aims to explore and analyze four children's stories and their illustrations published from 2000 to 2020 that tackles themes related to Martial Law. Using a close reading of the stories and the codes on illustrations of these children's stories as a method of ideological criticism, this preliminary survey on post-Martial Law Children's Literature discovered the representations of children, martyrs, activists, and the elements of the state and how these books reconfirm or challenge the mythologies surrounding Martial Law. The study found the tendency of the stories to relate to liberal democracy. There were also two concepts of children found in these stories, the passive child who waits for EDSA to end the dictatorship and the active child who chooses to engage in politics and the nationalist movement against dictatorship.*

***Keywords****: children's literature, EDSA, ideology, Martial Law, media and liberal democracy*

Copyright © 2023 by De La Salle University

## PANIMULA

Inianak ng ika-21 siglo ang diskursong post-Martial Law sa Pilipinas kung saan dinidiskurso at pinoproblema ang pagbabalik ng mga Marcos sa kapangyarihan bunga ng kolektibong amnesia o paglimot sa madilim na kasaysayan ng diktaduryang Marcos, ang paglaganap ng mga pekeng balita o *political misinformation* tungkol sa pagiging isang Golden Age ng Batas Militar at ang kabayanihan ng mga Marcos sa mass midya, at ang pagbabago sa imahen ng mga Marcos bilang mabuting tao na dapat iluklok muli sa kapangyarihan.

Ang penomena ng paglimot sa diskursong post-Martial Law ay natukoy ng historyador at journalist na si Raissa Robles sa kaniyang librong *Marcos Martial Law Never Again* (2016). Aniya, pinutol man ng 1986 People Power Revolution ang puno ng Batas Militar, nanatili ang mga ugat nito at tumubong muli sa loob ng burukrasya (211–212). Ang naratibo ng dekada ’90 ay nakilala bilang marka ng pagbabalik ng mga Marcos sa kapangyarihan, pag-iwas ni Imelda Marcos mula sa pagkakakulong maski napatunayang *guilty* sa mga kasong isinampa sa Korte Suprema, pagkakahati ng kilusang makabayan at makakaliwa sa mga paksiyon pagkatapos ng People Power Revolution sa EDSA, at pamamayani ng diskursong paglimot o historikal na amnesia ng diktaduryang Marcos dahil nanatili rin sa burukrasya ang mga propesyonal na may utang na loob sa mga Marcos at tinulungan nilang ipalaganap ang pagbubura sa kasaysayan ng Batas Militar o pangungumbinsi sa publiko na kalimutan na ang Batas Militar (Robles 212).

Isang pahiwatig ng paglimot ang namamayaning pananahimik ng mga teksbuk sa Pilipinas na pag-usapan ang kasaysayan ng Batas Militar nang mas komprehensibo. Sa obserbasyon ni Robles (2016), “No President, not even Cory Aquino, had ordered the Department of Education, Culture and Sports (DECS) to include the harsh lessons of Martial Law and its atrocities in school textbooks” (207). Gayundin, hindi rin napaaalala sa kabataan ng kasalukuyan ang mga kuwento tungkol sa mga biktima at mga *survivor* ng pagtortyur pati na rin ang kawalang hustisya na nagpatuloy pagkatapos ng EDSA 1986 (Robles 213). Sa pagsusuri ni Robles, halos karamihan sa mga bumoto sa pagkasenador ni Bongbong Marcos noong 2010 ay mga kabataan na hindi na naranasan ang Batas Militar at karamihan pa’y hindi nalaman ang tortyur at pamamaslang sa mga aralin ng kasaysayan sa mga paaralan (216).

Manaka-naka rin ang pagdidiskurso ng Batas Militar at EDSA People Power Revolution sa mga librong pambata mula dekada 1980 hanggang sa kasalukuyan. Sa nakalap na datos, tanging ang *Great Lives Series: Benigno Aquino* ni Sylvia Mendez Ventura (1992) ang librong pambata na pumapaksa sa malagim na kasaysayan ng Batas Militar na inilimbag noong dekada ’90. Nakasulat ito sa anyong *biography* ni Benigno “Ninoy” Aquino upang mas maging tapat sa pagpapakita ng impormasyon. Maliban pa riyan, karamihan sa mga naratibong naaakses ng kabataan ay nasa mga teksbuk ng kasaysayan o sa mga palabas sa radyo at telebisyon tulad ng popular na dokumentaryong *Batas Militar* (1997, direksiyon nina Jon Red and Jeannette Ifurung) na ipinalalabas sa mga klase ng Araling Panlipunan. Kasama rin dito ang popularisasyon ng nobela ni Lualhati Bautista, ang *Dekada ’70* (1988) na binabasa sa hayskul at pinanonood ang pelikula sa mga klase ng asignaturang Filipino at Panitikan. Subalit sa antas ng mga batang nasa Basic Education, paano naaakses at nababasa ang alaala ng panahon ng Batas Militar?

Walang masyadong tala tungkol sa mga kuwentong pambata na pumapaksa tungkol sa Batas Militar mula dekada ’80 hanggang dekada ’90. Sa katunayan, sa konteksto ng produksiyon at sirkulasyon ng panitikang pambata, pormalismo ang naging trend sa pagsulat sa huling bahagi ng dekada ‘80 hanggang simula ng dekada ‘90. Naging marka ng masigasig na lehitimisasyon ng panitikang pambata ang nasabing mga dekada sa pagtaguyod ng mga institusyon ng mga palihan para sa pagsulat ng panitikang pambata at paglikha ng *picture book illustration* at *design*, paglaganap ng publikasyon sa panitikang pambata na sinuportahan ng Cultural Center of the Philippines, paglimbag ng mga orihinal na kuwentong pambata na sinasalamin ang mga Filipinong karanasan mula sa Cacho Publishing House at Bookmark Inc., pagpokus ng mga pabliser at mga akademiko sa sining ng pagkatha at paglikha ng mga librong pambata, at pagsisimula ng kompetisyon na Short Story for Children sa kategoryang Ingles at Filipino ng Palanca Awards (Paterno 1994).

Noon lamang 2000 hanggang 2013, naobserbahan ni Eugene Y. Evasco, na ang panitikang pambata sa Pilipinas ay nakaalagwa na tungo sa mga mas radikal na tema, lumawak ang paksa at ang mga anyo na isinusulat mula noong dekada ’90 dahil itinatampok na

ang mga kuwentong pambata na may mapangahas na paksa tulad ng karanasan ng mga batang manggagawa, mga batang may naghiwalay na magulang, anak ng mga batang bakla at lesbiyana, at mga batang nabuhay sa gitna ng digmaan (Evasco 10–14). Subalit sa lahat ng kritisismo at kasaysayan tungkol dito, wala ni isang beses napag-usapan ang kahalagahan ng mga aklat pambata o kuwentong pambata na pumapaksa tungkol sa Batas Militar.

May malaking puwang sa kasaysayan ng panitikang pambata sa Pilipinas. Manaka-naka kung pag-usapan ang mga kuwentong pambata tungkol sa Batas Militar sa panitikan at kritisismo. Ang pinakahuling pag-aaral na itinampok ang ganitong usapin ay sa artikulo ni Wil Ortiz, ang "Mga Kuwadro at Rekwerdo ng Kasaysayan: Pagsusuri ng Limang Historikal na Kathang Pambata" sa *Lagda: Journal ng U.P. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas* noong 2015. Sa papel na ito sinuri ni Ortiz ang kuwentong *Si Jhun-Jhun Noong Bago Ideklara ang Batas Militar* (2001; 2010; 2016, Adarna House) na isa sa limang kuwentong pambata ng Batang Historyador series ni Augie Rivera. Gayundin, may isang maikling segment ang *website* ng Martial Law Museum ng "Reading Martial Law Literature" na itinampok ang nobelang *Salingkit: a 1986 Diary* ni Cyan Abad-Jugo at ang dalawang librong pambata ni Augie Rivera, ang *Isang Harding Papel* at *Si Jhun-Jhun, Noong Bago Ideklara ang Batas Militar* ("Reading Martial Law in Children's Literature"). Sa ilang pagtatangka na ito, nakikita na maaari pang bigyan ng espasyo ang pag-aaral tungkol sa mga aklat pambata na pumapaksa sa kasaysayan ng Batas Militar at EDSA People Power Revolution ng 1986.

*Ang konsepto ng bata sa bawat yugto ng kasaysayan*

Ayon kay Eugene Evasco, mula dekada '70 hanggang sa dekada '90 may dalawang konsepto ng kabataan sa panitikang pambata: "(1) mga batang "miniature adults o munting may-edad" o mga batang maagang namulat sa kahirapan at seks sa kasalukuyang panahon bunsod ng paglala ng prostitusyon at child labor, at (2) mga batang namulat sa bagong midya at globalisasyon, mga "multilingual, media-wise, cosmopolitan, computer-literate, cyberspace-acclimated na bata" mula dekada '90 hanggang sa kasalukuyan" (117).

Higit kong napapansin kung sadya ba ang kawalan ng dalawang mahahalagang yugto ng kasaysayang politikal sa ating bayan: 1972–1985 (Batas Militar sa pamumuno ng dating diktador Ferdinand Marcos) at ang 1986 EDSA People Power Revolution. Sa pag-aaral na ito, nais kong ipakita na mayroong mga kuwentong pambata na nagmumulat sa nangyari noong panahon ng Batas Militar at EDSA People Power Revolution ng 1986.

Gayundin, nais bakahin ng naunang pagsasakasaysayan ng konsepto ng bata sa panitikang pambata bilang *sanitized* o "*wholesome*," inianak ng "konsumerismo," "mabuting pamilya at gumaganang pamayanang sibil," "pagmementina ng hegemoniya," at "business advocacy" (Tolentino 1–10).

Dagdag dito, natukoy ni Rosario Torres-Yu na sa maraming pag-aaral at kritisismong pampanitikan tungkol sa panitikang pambata, umuusbong ang mga nagkokontrahang konsepto ng mga bata,

1. Magkakaiba ang mga bata
2. Inosente/walang muwang ang mga bata, wala pang alalahanin
3. Pasibo ang bata
4. Biktima ang bata
5. Aktibong panlipunang ahensya ang bata
6. Naglalaho na ang pagkabata (o nawawala na ang hangganan ng pagiging bata at matanda) (92–93)

Sinasabi ni Rolando Tolentino na ang konsepto ng mga bata na ipinalalaganap ng midya, negosyo, at pamahalaan ay hindi nakararating at nakaaabot sa karanasan ng maraming Pilipino (6). Kung gayon, malaki ang papel at impluwensiya ng ideolohiya ng manunulat sa pagkakahulma ng politikal na kinamumulatan ng isang bata at paglaya sa isipan at damdamin ng matatanda. Kailangang higitan ang aspirasyong burgis na namamayani sa pagsulat ng kuwentong pambata. Hindi sapat na manalo ng mga award, maglimbag, at makaabot ng mambabasa ang mga manunulat (Tolentino 10).

Ani Tolentino (2008), kailangang ibalik mula sa bata tungo sa bata ang kasalukuyang panahon ang kuwentong nararanasan nila tulad ng kagutuman, kawalan ng tahanan, demolisyon, sakuna, pagbabago ng klima, iligal na pagtotroso, at marami pang iba (p. 10). Tinitingnan ang mga bata bilang aktibong kasali sa panlipunang pamumuhay na nag-iisip sa pagbabago at pagsasakatuparan nito sa panahong "tinitibag at binabago ng globalisasyon ang mga panlipunan at pangkabuhayang kapaligiran" nila (Yu 95).

*Ideolohikal na kritisismo bilang dalumat at metodo*

Ang mga tekstong pangmidya ay itinuturing na daluyan at tereyn ng artikulasyon sa nagbabagong paraan ng pagtingin sa mundo. Sinasabi sa lente ng midya at ideolohiya na ang mga tekstong pangmidya ay may nilalaman na mga mensaheng ideolohikal, mga pagtingin na sadyang natural na sa pagtingin ng mga miyembro ng isang lipunan.

Kaiba sa Marxistang pagbasa ng ideolohiya bilang "*false consciousness*" o kasinungalingan o ilusyon, ang pagbunyag sa ideolohiya sa pag-aaral na ito ay mula sa lente ng konstruksiyon ng kahulugan. Ani sa pagbasang muli ni Louis Althusser ng pakahulugan ng ideolohiya ni Karl Marx, sinabi niya na ito ay hindi na lamang mga ilusyon kundi sistema ng representasyon (mga diskurso, imahen, at mito) tungkol sa relasyong pangkapangyarihan ng mga tao sa totoong buhay. Hindi ito "ang totoong relasyon na namamahala sa pag-iral ng mga indibidwal kundi ang imahinaryong relasyon ng mga indibidwal sa totoong relasyon na kanilang isinasabuhay" (sinipi ni Belsey 46).

Sa pagtingin ng ideolohiya bilang konstruksiyon ng mga suheto, itinuturing ang mga tekstong pangmidya tulad ng panitikan bilang interpelasyon/pagtanggap/naturalisasyon ng mga paniniwala o pagtingin sa isang kultura o ideolohiya. Ani Catherine Belsey sa *Critical Practice*, ang panitikan bilang isang nakahihikayat na anyo ng teksto o wika, ay maaaring may importanteng impluwensiya sa pamamaraan ng pagtingin ng tao sa kaniyang sarili at sa kaniyang relasyon sa kaniyang mga kapuwa sa lipunang kanilang iniiralan (61). Sinisiguro ng ideolohiya na mananatili ang mga balanse ng kapangyarihan at pagmimintina ng isang pormasyong panlipunan tulad ng kapitalismo.

Sa pamamagitan ng pagbasa gamit ang ideolohikal na kritisismo, natatasa kung paano hinuhulma, pinanonood, o ikinukuwento ang posisyon at representasyon ng sari-saring uri, lahi, kasarian, at abilidad sa mga tekstong pangmidya. Kinikilatis kung ang tekstong pangmidya ay isang distorsiyon. Para kay Croteau at Hoynes, ang pinakasopistikadong pagsusuri ng ideolohiya sa tekstong pangmidya ay "pag-eksamin sa mga kuwentong sinasabi ng midya pati na rin ang mga potensiyal na kontradiksiyon sa loob ng mga tekstong pangmidya, i.e., mga lugar na nananahan ang mga alternatibong perspektibo o nakaestruktura sa teksto ang mga tunggaliang ideolohikal" (162). Ibinubunyag sa ideolohikal na pagsusuri kung para kaninong interes ang ginagahum ng isang teksto sa pamamagitan ng mga sistema ng kahulugan na nagpapanatili ng relasyon ng kapangyarihan. Mahihinuha na hindi maihihiwalay ang politikal na pagbasa sa mga teksto dahil nananaturalisa o ginagahum sa mga teksto ang mga paniniwala at pagtingin sa isang lipunan.

Ani ng sosyolohistang si Stuart Hall, ang mga tekstong pangmidya ay representasyon ng isang pagtingin sa mundo, sistema ng paniniwala, o halagahan, at sinabi niya na ginagahum ng midya ang konstruksiyon ng pagtingin sa mundo o mga relasyon ng kapangyarihan ng mga naghahari at marhinalisadong uri, lahi, at kasarian sa lipunan. Aniya, hindi sinasalamin ng mga imaheng pangmidya ang mundo, bagkus ito'y representasyon na aktibong lumilikha ng mga reyalidad ng mundo sa pamamagitan ng "pagpili at pagpiprisinta ng pag-eestruktura at paghuhugis" at kung gayon ay maituturing na may kapangyarihang magpahiwatig o magbigay-kahulugan sa isang pangyayari (sipi nina Croteau at Hoynes 168). Maaaring ituring ang mga tekstong pangmidya bilang isang tereyn ng isang tunggalian na ang mga representasyon ay may tendensiya na ireprodyus ang mga dominante o gahum na kuwento, paniniwala, pagtingin, at halagahan.

Sa ganang ito, babasahin ang mga kuwentong pambata bilang tekstong pangmidya na itinuturing bilang mga tekstong nagrereprodyus ng mga hayag na politikal na ideolohiya at representasyon ng mga batang biktima ng karahasan mula sa pagtingin ng mga gitnang uring manunulat tungkol sa kasaysayan ng Batas Militar. Layon ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Mabunyag ang representasyon ng mga biktimang bata ng Batas Militar batay sa apat na teksto ng kuwentong pambata gamit ang ideolohikal na pagsusuri o kritisismo.
2. Malantad ang tendensiya ng mga representasyong ito upang mahawan ang daan tungo sa pagsulat ng mga kuwentong pambatang mas malay sa representasyon ng mga biktima at kasaysayan ng Batas Militar.
3. Mabunyag sa pag-aaral na ito na pinoprotektahan at pinalalaganap ng mga kuwentong pambata ang ideolohiya ng liberal na demokrasya at hindi ang ibang makakaliwa o konserbatibong politikal na ideolohiya.

### *Masinop na pagbasa sa politika, ideolohiya, at liberal na demokrasya*

Sa panahong napupuno ang panitikang Filipino at panitikang global ng mga representasyon ng mga lider ng bayan mula pa sa mga monarkiya, diktadurya, at liberal na demokrasya, nagiging lunan din ang panitikang pambata ng mga usaping politikal.

Isang halimbawa na rito ang pag-aaral ng Amerikanong iskolar sa *developmental psychology* na si Meagan M. Patterson tungkol sa mga panitikang pambata sa *bestseller list* ng *New York Times* mula 2012 hanggang 2017, na natukoy niya ang halaga ng panitikang pambata sa politikal na paghubog ng politikal na kamalayan ng kabataan. Ani Patterson, ang mga "picture book" ay mahahalagang batis sa sosyalisasyon o pagkamulat at pagkatuto ng kabataan tungkol sa mga politikal na isyu, mga politikal na proseso tulad ng gawi ng pagboto o pagkilos-protesta, mga uri ng politiko o namumuno sa isang demokrasya o sa isang monarkiya, at mga miyembro ng lipunan na nasa pampublikong serbisyo at ang kanilang politikal na ambag sa lipunan tulad ng mga guro, pulis, militar, bumbero, *astronaut*, at marami pang ibang propesyonal" (12–16). Espasyo ang picture books para mamulat ang kabataan sa mga anyo ng politikal na partisipasyon na inaasahan at inaaspirasyon ng mga lipunan sa buong mundo (halimbawa, na ang pagboto ay pagpunta sa isang presinto at ginagawa sa isang pribadong balota) (Patterson 3). Dagdag na rin dito ang mga kombensiyonal na gawaing pampolitika (pakikipagtrabaho sa mga nahalal na politiko, pagtakbo sa eleksiyon, atbp.) at ang mga di-kombensiyonal na gawain tulad ng pagsali sa kilos-protesta.

Natagpuan niyang mas marami ang depiksiyon ng mga puti kesa sa ibang lahi, mas binibigyang representasyon ang mga lalaking pigura sa politika kaysa kababaihan lalo na sa demokrasya, marami rin ang depiksiyon ng monarkiya na salungat sa pagkakabuo ng Amerika bilang demokrasya, at hindi raw umano nakikisangkot ang mga karakter ng monarkiya sa mga politikal na gawain. Sa pakikisangkot sa mga politikal na proseso, karamihan sa natagpuan ni Patterson ay tungkol sa mga pagboto o pakikisangkot sa kilos-protesta tulad ng pagmamartsa, pag-strike, o pagboykot (Patterson 9). Pinakatampok siyempre ang karamihan sa representasyon ng simbolo ng monarkiya kaysa demokrasya sa mga kuwentong pambata sa Amerika (Patterson 9). Ang kaunting representasyon ng impormal na uri ng pagboto halimbawa ang pagboto sa loob ng klasrum ay isang "*missed opportunity*" para ituro ang edukasyong pansibika (Patterson 13).

Sa pagtatapos ng kaniyang diskusyon, sinabi ni Patterson na oportunidad din ang pagbabasa ng mga kuwentong may politikal na tema upang magkaroon ng koneksiyon ang bata sa mga guro at magulang na ahente ng sosyalisasyon sa lipunan (15). Ang kaniyang pag-aaral ay isang panyaya sa mga mambabasa ng panitikang pambata na dapat buksan ang pag-uusap tungkol sa mga politikal na tema sa pamamagitan ng mga picture book. Ipinakikita ng pag-aaral ni Patterson na ang kuwentong pambata ay isang lunan din ng politikal na diskurso at maaaring pag-usapan ang mga politikal na tema sa mga bata.

Nabubunyag sa isang kuwentong pambata kung pasibo o aktibo ang konsepto ng isang bata sa pamamagitan ng kritisismong pampanitikan. Natukoy ni Peter Hollindale, isang iskolar ng panitikang pambata, ang katangian ng ideolohiya sa panitikang pambata:

1. Ang ideolohiya ay lumilitaw bilang hayag na elemento sa teksto at ibinubunyag ang panlipunan, politikal, at moral na paniniwala ng isang manunulat.
2. Ang pasibong ideolohiya ay ang mga di-hayag at di-nasusuring halagahan ng isang manunulat sa teksto sapagkat tanggap din ito sa pang-araw-araw na pag-iral ng lipunan.
3. Ang ideolohiya ay nakapaloob sa wika, na inilarawan bilang "mga salita, mga batas ng sistema, mga kodang bumubuo sa isang teksto." (sinipi ni Stephens 9–10; aking salin)

Ang unang batayan ay tungkol sa mga kathang pambata na naglalaman at pumapaksa ng progresibo o naliwanagang kaisipan.

Ang ikalawa'y nais sabihing may isang "*implied reader*" o mambabasang di-hayag. Itong imahinaryong mambabasa ang siyang pupunan sa mga puwang o butas ng isang naratibo sa proseso ng "*internalization*," o pagpapaloob ng mambabasa sa ideolohiya ng teksto.

Sa ikatlo, ang ideolohiya ay ibinangga sa kritikal na diskurso ng wika ni Norman Fairclough na ang mismong wika ay hindi lamang lunan o sityo ng tunggaliang panlipunan kundi kasangkapan din sa tunggalian ng mga uri (Stephens 9–11).

Hindi neutral, ni apolitikal ang kuwentong pambata. Ito ay may pinapanigang diskurso at konsepto ng pagiging isang bata. At para sa mga kuwentong pambata na may panlipunang tema sa mga kuwento, malay ang manunulat sa politika na kaniyang kinikilingan sa akda. Umiiral ang panitikang pambata dahil may pamilyang tumatangkilik nito, may paaaralang nagbabasa rito, at pinahahalagahan ang ambag nito sa pagtuturo ng pagkamamamayan. Itinuturo ng mga kuwento kung paano ba dapat tanggapin ang mga tinanggap nang kaisipan. Ang pedagohikal nitong function ay nakaangkla sa itinuring na "reiterasyon ng gitnang uring hegemoniya ng pagmumundo" (Tolentino 10).

Batid dito na ang ideolohiya sa kuwentong pambata ay may aspekto ng tunggalian ng mga uri. Ayon kay John Stephens, may tatlong bahagi na maaaring basahin ang ideolohiya sa mga aklat pambata: kuwento (*story*), diskurso (*discourse*), at kahalagahan (*significance*) (12).

Ang kuwento ang bumubuo sa lantarang bahagi ng mga aklat pamabata bilang sinasagot nito ang tanong na "ano ang ginagawa ng isang tauhan sa isang lugar sa loob ng isang panahon?" (Stephens 17; aking salin).

Ang diskurso ang bumubuo sa kumplikadong proseso ng pagbasa at nahahati sa iba't ibang pagpapahiwatig o *signifying systems* na ang wika ay dapat basahin sa salita at sa guhit ng mga aklat pambata (Stephens 14). May pahiwatig ng tungkuling panlipunan ang kahulugan sa sining biswal ng mga aklat pambata (Evasco 144). Kasama na rin dito ang iba pang bahagi ng libro. Sa antas ng kuwento, ibinubunyag din ng kuwentong pambata ang relasyon ng manunulat, ng nagkukuwentong karakter, at ng iba pang karakter na nasa kuwento.

Ang kahalagahan ang nagpapakita kung papaano naiintindihan at natatanggap ng mga mambabasa ang mga tekstong mayroong lantad at di-lantad na marka ng lipunan at ideolohiya.

Paliwanag nina Maria Nikolajeva at Carole Scott, nahahati ang pananaw ng isang librong pambata sa dalawang bahagi: ang pananaw (kung sino ang tumitingin) at ang boses ng nagsasalaysay (kung sino ang nagsasalita). Primaryang ipinahihiwatig ng mga *litrato* o *guhit* sa isang librong pambata *ang pananaw* samantala, ang mga *salita* o *kuwento* ang siyang nagpapahiwatig sa *boses ng nagsasalaysay* (Nikolajeva at Scott 117–118).

Binabasa ang teksto ayon sa boses ng nagsasalaysay upang tukuyin kung sino ang nagsasalitang persona o sino ang literal na tumitingin at nagsasalaysay sa kuwento, kung ano ang piniling pagtingin, konsepto, o ideolohiya, at kung ano ang nagiging pakinabang ng kuwento sa nagsasalaysay na makikita sa piniling focus ng nagsasalaysay, kung gaano karami ang alam ng nagsasalaysay sa damdamin at iniisip ng mga tauhan sa kuwento.

Dito nagmumula ang pagkilatis sa pananaw ng nagkukuwento dahil naibubunyag ang kaniyang pagkiling, paniniwala, at pinagmumulang posisyon. Tinukoy nina Nikolajeva at Scott na may apat na katangian ang mga librong pambata na ibinubunyag ang pananaw at presensiya ng nagsasalaysay:

1. ang paglarawan sa lugar,
2. ang paglarawan sa karakter,
3. ang buod ng mga pangyayari, at
4. ang sinasabi ng nagsasalaysay sa mga pangyayari o sa paggalaw at pag-uugali ng mga karakter. (118; aking salin)

Ang una't ikalawa'y maaaring ipahayag sa verbal at biswal na pamamaraan. Samantala, ang ikatlo at ikaapat ay mas namamayani sa mga nababasang teksto ng kuwento.

Dagdag dito, ang mga litrato o guhit sa libro ay may sariling paraan ng pagpapahayag ng pagtingin sa isang pangyayari. Ani Nikolajeva at Scott, "Pictures cannot directly and immediately convey ideology or serve someone's purpose in narration, although they have their own indirect means to accomplish this" (117).

Kung sa mga salita, ang pagpapakita ng pananaw ay nagmumula sa pagtukoy ng personang tumitingin at sa dami ng alam ng nagsasalaysay sa pakiramdam at iniisip ng mga karakter, sa litrato o guhit, maaari nilang ipakita ang pananaw sa pamamagitan ng biswal na representasyon, sa mga ekspresyon ng mukha, galaw ng mga karakter, posisyon sa pahina, kulay, tono, liwanag at dilim, at iba pang prinsipyo ng paghahanay sa isang pahina (Nikolajeva at Scott 118).

Nasasalamin at nagiging lunan ng representasyon ng ideolohiya ang panitikang pambata. Nakikita ito sa mga kuwentong pambata na may hayag na political na tema na taliwas sa diskursong pinalalaganap ng mga kuwentong pambata sa Amerika.

Nais tukuyin sa pag-aaral na ito na ang pinakahayag na politikal na ideolohiyang ikinukuwento at ipinipinta ng mga artista at manunulat sa mga kuwentong pambata tungkol sa Batas Militar ay hayag ang pagkiling sa liberal na demokrasya.

Nakaayon ang konsepto ng liberal na demokrasya sa uri ng politikal na ideolohiya at anyo ng demokrasyang representatibo na gumagana sa prinsipyo ng klasikong liberalismo, batay sa pakahulugan ng European Center for Populism Studies (tal. 1). Maraming katangian ang isang liberal na demokrasya na maaaring maipakita sa mga kuwentong pambata tulad ng:

1. Eksistensiya ng eleksiyon bilang malawakang politikal na partisipasyon ng mga mamamayan at mga batayang sektor ng lipunan. Kinikilala ito sa katangian ng malaya at malinis na halalan sa mga partido ng politika. Isinasapraktika rin ang unibersal na *suffrage* o karapatan sa pagboto anoman ang estado sa buhay.
2. May pagkakahati ng kapangyarihan sa pagitan ng ehekutibo, lehislatura, at hudikatura na mga sangay ng pamahalaan.
3. Umiiral ang pamamayani ng batas bilang bahagi ng pang-araw-araw na bahagi ng malayang lipunan. May kakayahan ang pamahalaan na baguhin ang mga batas nang naaayon sa pangangailangan ng nakararami.
4. Mayroong ekonomiyang pinatatakbo ng merkado na binubuo ng mga pribadong pagmamay-ari.
5. Sa diwa ng pagpapahintulot at pluralismo, may kalayaan ang mga mamamayan sa pamamahayag ng paniniwala at politika at, may kalayaan din ang mga mamamayan sa pag-oorganisa, at may limitadong kapangyarihan ang estado na laging binabantayan sa pamamagitan ng *checks and balances* ng iba't ibang sangay ng pamahalaan. Pinapayagan ng estado na umiral ang mga *extreme* na uri ng politikal na paniniwala.
6. May proteksiyon na ipinalalaganap ang pamahalaan para sa pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan batay sa karapatang pantao, karapatang sibil, kalayaang sibil, at kalayaan sa pamamahayag ng politikal na ideolohiya.
7. Mayroong Saligang Batas na siyang nagpapanatili sa demokratikong katangian at depinisyon ng isang estado. Nalilimitahan nito ang kapangyarihan ng estado na gumawa ng mga hakbang na makasasagka sa karapatang pantao at kalayaan ng mga sibilyan. (European Center for Populism Studies, "Liberalism," tal. 1)

Sinasabi ng ekonomistang si Dani Rodnik ng Harvard University, magkaiba ang elektoral na demokrasya sa liberal na demokrasya dahil ang nauna'y nagpapahiwatig na kahit sino ang mahalal ay maaaring gawin ang kahit anong uri ng pamamahala maliban sa pagpigil na mangyari ang isang eleksiyon, samantalang sa huli, mayroong malayang halalan na ang nahalal ay may pananagutan na hindi diskriminahin ang mga nasa laylayan ng lipunan (mga pangkat-etniko, mga relihiyosong minorya, at mga pambansang minorya na may ibang ideolohiya o paniniwala), sila na dapat protektahan ang karapatan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang independiyenteng hudikatura, malayang midya na hindi takot sa pag-uusig, at hindi paglabag sa batayang karapatan ng mamamayan na nakasaad sa Saligang Batas (Rodnik 2:06–3:34).

Ang Pilipinas ay itinuturing na isang estadong umusbong bilang liberal na demokrasya pagkatapos ng paglaya nito mula sa mga Amerikano pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Mapipigilan ang pamamayagpag ng liberal na demokrasaya sa Pilipinas nang maupo si Ferdinand Marcos Sr. bilang pangulo ng Pilipinas. Sa kasaysayan ni Raissa Robles, matagumpay na nakumbinsi ni Marcos ang kalakhan ng mga pambansang minorya at mga uring anakpawis at manggagawa na pumanig sa kaniyang ideolohiya ng Bagong Lipunan sa pamamagitan ng demonisasyon ng demokrasya at tanging Batas Militar lamang ang makapaglulutas umano ng problema ng kahirapan sa bansa (219). Mula 1972 hanggang 1986, natukoy ni Robles na may tatlong tema ang Batas Militar ni Marcos: ang korupsiyon sa pamamagitan ng kroniyismo o walang habas na paggastos sa pera ng bayan para sa mga naitatagong yaman ng mga Marcos, ang brutalidad ng pagtotortyur sa mga itinuring na kriminal at komunista/terorista ng estado, at ang impunidad o kawalan ng hustisya na siyang nag-anak ng malawakang amnesia at pagpapatuloy ng pambansang trauma sa kasalukuyan (Robles 219–220).

Sa pagkawasak ng diktadurya ni Ferdinand Marcos Sr., ibinalik sa pamahalaan ni Corazon C. Aquino ang isang uri ng liberal na demokrasyang pinamumunuan ng mga oligarkiya. Kaalinsunod din naman nito ang pagbabalik ng malayang halalan, ang pagbabalik ng mga institusyon na nagpapalaganap ng karapatang pantao, at pagpapalaya sa mga detenidong politikal noong Batas Militar. Ipinakikita ng kasaysayan na kumapit ang taong-bayan sa politikal na posibilidad na may pag-asa sa pagbabalik ng Pilipinas tungo sa

isang uri ng politikal na pamahalaang binabantayan ang korupsiyon at pagtapak ng karapatang pantao.

Ngunit sa taong 2016 hanggang 2018, babalik muli ang Pilipinas sa isang mala-diktadura na uri ng pamamahala kasunod at kasabay ng mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas: ang pagkakahalal sa awtoritaryan na pangulong si Rodrigo Duterte, ang paglibing sa bangkay ni Marcos Sr. sa Libingan ng mga Bayani, ang panre-redtag sa mga kuwentong pambata tungkol sa Batas Militar at EDSA, ang pagkakapanalo ni Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. at Sara Duterte bilang presidente at bise-presidente sa Halalan 2022, at ang pagbabalik ng pamilyang Marcos bilang First Family ng Pilipinas ay bunsod ng deka-dekadang pagkawasak ng demokrasya. Ayon sa iskolar ng agham pampolitika na si Mark R. Thompson, nagsimulang mawasak ang liberal na demokrasya sa pagtatapos ng termino ni dating Pangulong Benigno Aquino III nang unti-unting kinuwestiyon at itinatwa ng mga mamamayan ng Pilipinas ang naratibo ng "*good governance*" o malinis na pamamahala, nang simulang manghina ang institusyon ng hudikatura, at isisi hindi na lamang sa isang politikal na pigura o opisyal ng pamahalaan ang mga problema ng bansa kundi sa buong sistema ng liberal na demokrasya na nagbigay-daan upang mamayani ang isang di-liberal, madugo, at awtoritaryan na uri ng pamumuno sa rehimen ni dating Pangulong Rodrigo Duterte (41–42). Paliwanag ni Thompson, ang diskurso ng repormang liberal na nangangako ng pagbabalik ng demokrasya, ng paglaban sa korupsiyon sa mga sangay ng pamahalaan, at pag-ayos sa pamamalakad ng pamamahala ay nakita ng mahihirap na miyembro ng lipunan bilang isang maka-burgis na linya o naratibong politikal na humihiwalay sa kanilang kagyat na pangangailangan at ang linyang politikal ay nagtutunog na walang pakialam sa populistang interes ng kalakhang mahihirap (Thompson 42).

Mababanaag sa kasaysayan ng Pilipinas na malawak ang sakop ng liberal na demokrasya, mula sa konsepto at teorya nitong galing sa Kanluran tungo sa pagbabalik nito pagkatapos ng Batas Militar sa rehimen ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. Gayundin, nakita rin ang paghina nito, ayon kay Thompson, sa pagkawala ng interes ng mamamayan sa diskurso ng malinis na pamahalaan, ng kalakhang makapangyarihang elit, at persepsiyon ng kahinaan ng dating pangulong Noynoy Aquino sa pagpapatupad ng batas at paglitis sa mga kriminal na naganap sa *pork barrel scam* (Thompson 50). Naging daan umano ang paghina ng liberal na demokrasya sa panahon ni dating Pangulong Noynoy Aquino upang paganahin ni dating Pangulong Rodrigo Duterte ang isang pamahalaang di-liberal na sa labas ay itinuring bilang giyera kontra droga at kriminalidad na tinawag na isang uri ng "madugong demokrasya," na may pagkiling sa *strongman nationalism* at pakikipagnegosasyon sa Partido Komunista ng Pilipinas (Thompson 50–51).

Naging kaligiran ng pag-aaral na ito ang popularidad ng populismo sa buong mundo, na ang motibasyon ayon kay Thompson ay paapuyin ang galit ng mga mamamayan dahil sa kahirapan upang labanan ang mga imahinaryong elit na silang kalaban sa naratibong politikal (51), upang balikan muli ang mga kuwentong pambata na pumapaksa sa kasaysayan ng Batas Militar. Hindi masama ang mga politikal na tema sa kuwentong pambata, bagkus nakaambag pa nga ito sa pagkamulat ng kabataan tungo sa politikal na sistemang nangangalaga dapat ng karapatan ng lahat ng tao sa Pilipinas. Sa mga nakalap na datos, mayroong 16 na kuwentong pambata na mababasa sa talahanayang ito tungkol sa kasaysayan ng Batas Militar at pag-aalsa sa EDSA noong 1986 na inilimbag mula 2001 hanggang 2020:

Sa mga nakalap na teksto, tatlo (3) ang pumapaksa tungkol sa kung paano nangyari ang EDSA. Siyam (9) ang kuwentong pumapaksa naman tungkol sa mga bayani ng panahong ito (mula kina Ninoy Aquino hanggang sa mga kilalang aktibista tulad nina Edgar Jopson, Lakay Billy, at Macliing Dulag. Apat (4) dito ang hayagang pumapaksa tungkol sa mga biktima ng Batas Militar.

Bilang isang panimulang pag-aaral, pinili ng manunulat ang apat na kuwentong pambata tungkol sa mga biktima ng Batas Militar upang suriin ang ideolohiya at representasyon ng liberal na demokrasya at mga bata mula sa mga kuwentong *Si Jhun-Jhun Noong Bago Ideklara ang Batas Militar* (2001; 2010; 2016, Adarna House) ni Augie Rivera, *Isang Harding Papel* (2014, Adarna House) ni Augie Rivera, *At the School Gate* (2018, Bookmark Inc.) ni Sandra Nicole Roldan, at *Silent Witnesses* (2019, CANVAS) ni Gigo Alampay. Hindi ko masasabing ito lang ang mga kuwentong pambata na mayroon tungkol sa kasaysayan ng Batas Militar at ng EDSA People Power ng 1986 ngunit ito lang ang nakayang matagpuan ng mananaliksik sa kasalukuyan.

| Aklat Pambata (Taon Inilathala) | Manunulat | Guhit | Pabliser |
|---|---|---|---|
| *Bertdey ni Guido* (2001) | Rene O. Villanueva | John Crisostomo | Lampara Books |
| "A Call for the People" CW Class '94 sa *Filipino stories for Filipino children: an anthology from the UP Integrated School Creative Writing classes* edited by Eleanor Eme E. Hermosa (2001) | Jose Ricardo Y. Santos | Jose Ricardo Y. Santos | University of the Philippines Press |
| *Si Jhun-Jhun Noong Bago Ideklara ang Batas Militar* (2001; 2010; 2016) | Augie Rivera | Brian Vallesteros | Adarna House |
| *Edjop: A Child of the Storm* (2009) | Ed Maranan | Ariel Santillan | The Bookmark, Inc. |
| *Ninoy Aquino: A Courageous Homecoming* (2010) | Lara Saguisag | Quix Maiquez | The Bookmark, Inc. |
| *The Pangat, the Mountains, and the River* (2010) | Luz Maranan | Ariel Santillan | The Bookmark, Inc. |
| *The Reluctant Hero* (2012) | Lin Acacio Flores | Jerome Jacinto | The Bookmark, Inc. |
| *Ninoy, Cory, and Noynoy* (2012) | Yvette Fernandez | Abi Goy | Dream Big Books |
| *Brocka: The Filmmaker without Fear* (2013) | Jose T. Gamboa | Jose T. Gamboa | The Bookmark, Inc. |
| *EDSA* (2013; 2014) | Russell Molina | Sergio Bumatay III | Adarna House |
| *Isang Harding Papel* (2014) | Augie Rivera | Rommel Joson | Adarna House |
| *A Voice of Hope in a Time of Darkness: The Songs of Susan Fernandez-Magno* (2014) | Luchie B. Maranan | Shan Maurice Jose | The Bookmark, Inc. |
| *At the School Gate* (2018) | Sandra Nicole Roldan | Nina Martinez | The Bookmark, Inc. |
| *Lakay Billy, Defender of Indigenous People* (2018) | Luz B. Maranan | Duday Ysabel Maranan | The Bookmark, Inc. |
| Silent Witnesses | Gigo Alampay | Renz Baluyot | The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS) |
| *Great Lives Series: Benigno Aquino* (1992; reprinted 2020) | Sylvia Mendez Ventura | | Tahanan Books for Young Readers |

Sa ganitong pagtingin, sinusuri ang apat na kuwentong pambata na pumapaksa sa Batas Militar batay sa representasyon at pokus ng kuwento't mga ilustrasyon tungkol sa mga biktima ng Batas Militar. Nais sagutin ng papel na ito ang mga sumusunod na tanong: Ano ang representasyon ng mga bata sa mga kuwentong naisulat tungkol dito? Ano-anong mga diskurso tungkol sa Batas Militar ang ipinahihiwatig sa mga kuwento at ilustrasyon? Bumabalikwas ba o inuulit lamang ng mga kuwentong ito ang namamayaning naratibo ng Batas Militar? Anong diskurso ng Batas Militar ang ipinahihiwatig ng apat na kuwentong pambata? Ano ang ilan sa mga problemang nakikita sa mga kuwentong pambata na dapat tugunan ng mga susunod na manunulat na magtatangkang isulat ang Batas Militar?

*Mga pasibong bata na naghihintay ng hustisya*

May tatlong aklat pambata ang pumapaksa sa epekto ng Batas Militar sa pamilya, partikular na sa mga anak o kapatid ng mga dinukot o ng mga detenidong politikal. Ang *Si Jhun-Jhun Noong Bago Ideklara ang Batas Militar* (2001; 2010; 2016, Adarna House) ni Augie Rivera, ang *Isang Harding Papel* (2014, Adarna House) ni Augie Rivera, ang *At the School Gate* (2018, Bookmark Inc.) na isinulat ni Sandra Nicole Roldan, at ang *Silent Witnesses* (*Mga Tahimik na Saksi*) (2019, CANVAS) ni Gigo Alampay.

Ang mga kuwento'y isinulat bilang tugon sa pangangailangang maituro ang kasaysayan at diskurso ng Batas Militar sa mga batang hindi pa ipinanganak sa panahong iyon. Gayundin, isinulat ang mga kuwento

upang ipatampok ang kahalagahan ng pakikisangkot ng mga kabataan sa mga politikal na usapin.

*Si Jhun-Jhun* ay inilathala bilang bahagi ng ipinalalaganap na kampanya ng UNICEF tungkol sa mga karapatan ng bawat batang Filipino. Kasama ito bilang ikalimang libro sa seryeng *Batang Historyador* ni Augie Rivera na rekomendado sa mga batang nasa Baitang 4–6. Samantala, ang *Isang Harding Papel* (2014) ay isinulat ni Rivera at inilimbag sa pakikipagtulungan ng EDSA People Power Commission at Adarna House.

Parehas pinapaksa ng dalawang kuwento ang mga batang umaasa na babalik pa ang mga kamag-anak nilang naging biktima ng Batas Militar.

Sentral sa *Si Jhun-jhun* ang imahen ng dilaw na tsinelas. Nagsimula ang kuwento sa isang laro, ang tumbang preso gamit ang pamato ng batang bida na si Jhun-jhun, ang kaniyang dilaw na tsinelas (Rivera 4) at magtatapos din sa imahen ng dilaw na tsinelas ng kaniyang dinukot na kuya na palaging suot ni Jhun-jhun sa mga kilos-protesta (Rivera 5). Ito ang magiging gamit na siyang magdadala sa kuwento mula sa simula hanggang sa dulo. Ang tsinelas ng kaniyang kuya na kalauna'y magiging isang desaparecido pagkatapos sumali sa isang kilos-protesta laban kay Marcos. Nasaksihan ni Jhun-jhun ang pagdakip sa kaniyang kuya sa isang rali at nalungkot siya dahil ang naiwan na lamang ay isang dilaw na tsinelas. Sinubukan man nilang hanapin ng kaniyang ina ang kanilang kuya, hindi na nila alam kung saan napunta ang kaniyang kuya. Ito ang nag-udyok kay Jhun-Jhun na manindigan laban sa mga Marcos at sumali sa mga kilos-protesta habang nagbebenta ng mani.

Nakasulat sa ikatlong panauhan ang kuwento ngunit ang perspektiba o pokus ay nagmumula sa mata ni Jhun-jhun. Tingnan halimbawa itong pokus ng kuwento sa kung paano nagsimulang madiskubre ni Jhun-jhun sa kaniyang sariling paraan ang pag-unawa sa kilusang makabayan:

> Naglakad sila nang naglakad sa matinding sikat ng araw hanggang makarating sila sa Mendiola. Kasalukuyan palang may rali. Nanlaki ang mga mata ni Jhun-jhun nang makitang punong-puno ng mga tao ang kalsada. Naglipana rin ang iba't ibang mga bandera at telang nakasulat na mga pulang letra "Ibagsak!" "Marcos Diktador!" "US-Imperyalismo, Salot ng Mundo!"
> May mga nagsisigawan din ng "Makibaka! Huwag matakot!" habang nakatikom ang mga kamao at tila sumusuntok paitaas. Sa labis na pagkamangha sa mga pangyayari, nawala tuloy sa paningin ni Jhun-jhun ang kuya niya. (Rivera 16–19)

Kaakibat ng ilustrasyon na ito ang pagiging tagapanood ng bidang si Jhun-jhun sa mga aktibista. Nanonood lamang si Jhun-jhun sa mga nangyayari. Hindi siya nakikisangkot sa mga bagay na ito dahil nagsisimula pa lamang niyang madiskubre ang kaniyang pagkamulat.

Napuna ni Will P. Ortiz, manunulat ng mga kuwentong pambata, ang kalabnawan ng mga representasyon sa ilustrasyon ng *Si Jhun-jhun* tulad ng mga retratong tila mga karakter sa anime upang hindi masidhing maiparamdam ang galit ng mga nagkikilos-protestang manggagawa at pati na rin ang sadyang pagtatakip ng mga plakard na hinahawakan ng mga karakter dahil hindi nito nabubuo ang mensahe o ideya ng plakard (124). Hindi rin naipaliliwanag ang mabibigat na konsepto tulad ng "imperyalismo," "ibagsak," at "Marcos Diktador" (Ortiz 124). Nakapagpalaya man kay Jhun-Jhun ang palihim na sumali sa mga rali laban kay Marcos, hindi nabigyan ng hustisya ang kaniyang pamilya. Aniya, "Maselan pa ring usapin ang ugnayan ng US at ng politika ng Pilipinas lalo't nasa kapangyarihan pa rin ang mga Marcos hanggang sa kasalukuyan" (Oritz 24).

Ipinakikita ang mga rali at demonstrasyon bilang isang marahas na uri ng pakikibaka. Nariyan ang dahas na ipininta sa pulang kulay ang mga ralyista at mga pulis at tila ba si Jhun-jhun ay isang batang naipit sa gitna ng digmaan na nakatalukbong sa isang kumot na pula (Rivera 22). Gayundin sa pagkakasulat, inilalarawan ang karahasan na dulot ng pakikibaka:

> Walang ano-ano'y may narinig siyang mga putukan. Nabulabog ang mga tao. Nagtakbuhan sa iba't ibang direksyon. Naitulak si Jhun-jhun sa may bangketa.
>
> May nagliparang mga bato. May mga boteng nabasag. May puting usok din na kumalat sa buong paligid—tila maanghang pa nga ang usok, mahapdi sa mga mata at nakauubo. Sa magkahalong takot at pagkalito, gumapang si Jhun-jhun at nagtago sa ilalim ng isang pulang telang nakalugmok sa kalsada.

> Dinig na dinig pa rin niya ang mga sigawan at putukan. Bigla ring nag-amoy gasoline ang hangin. Maya-maya, may naramdaman siyang lagaslas ng tubig sa likod niya. Pero alam niyang hindi ulan 'yon. Dahil ang naririnig niya ay tunog ng hose ng bumbero, tulad noong minsang nagkasunog sa looban. (Rivera 23)

Mapangahas ang kuwento sa pagbibigay ng ganitong paglalarawan para sa mga batang mambabasa. Hindi natakot ang manunulat na ipakita ang dahas ng Batas Militar at kung paano nito sinisikil ang karapatan sa malayang pamamahayag ng mga ordinaryong mamamayan at manggagawa. Dinukot ang kuya ni Jhun-Jhun at dito ipinakita sa kuwento na maski walang pag-asa na makitang muli ang na-desaparecido nilang minamahal, nagpapatuloy sila pakikibaka:

> Nagpasiya ang nanay ni Jhun-jhun na bisitahin nila ang iba't ibang mga kampo ng militar. Doon, ipinagtanong nila kung napasama ba sa mga nakulong ang kaniyang Kuya Jaime. Ngunit wala silang nakuhang kasagutan…
>
> "Nay, kung nakita ko sana si Kuya…naisama ko siyang nagtago sa ilalim ng bandera," panlulumo ni Jhun-jhun.
>
> "'Wag mong sisihin ang sarili mo anak," buntong-hininga ng nanay niya. "'Wag tayong mawawalan ng pag-asa. Uuwi rin ang kuya mo." (Rivera 29)

Hindi na muling natagpuan ni Jhun-Jhun ang kaniyang kuya. Ipininta ang kaniyang mukha bilang maamo at malungkot habang kayakap ang kaniyang ina (Rivera 27). Mayroon ding isang pahina na ipinakikita ang paghahanap niya sa kaniyang kuya kung saan nakatalikod ang dalawang mag-anak (Rivera 28). Nagsisisi si Jhun-Jhun na hindi niya nailigtas ang kaniyang kuya sa delubyo ng Metrocom. Ang pinakahuli'y frame ng mga nagraraling aktibista at sa gitna, nakapokus si Jhun-Jhun, isang batang tila malumbay ang ekspresyon sa mukha at walang muwang sa nagaganap (Rivera 30). Tanging sa kaniyang tsinelas lamang makikita ang pagtuligsa, suot ang dilaw na tsinelas ng kaniyang kuya na naiwan doon sa rali.

Kung papansining mabuti, hindi matagumpay ang emosyon ng ilustrasyon. Sa halip na ipahiwatig ang nagniningas na galit ng mga pamilyang nawalan, parang mga walang laman ang kanilang ekspresyon sa mukha. Nakabuka ang mga bibig subalit ang anggulo'y pababa. Maski si Jhun-Jhun, sa kaniyang ekspresyon ng mukha ay mukhang talunan sa dulo ng kuwento (Rivera 30). Ang tanging bakas ng pakikipaglaban ay naroon sa salita ng mga kuwento na pinili ng bida na sumali muli. Nasa kaniya pa rin ang pokus ng kuwento sa pagtatapos ng kuwento:

> Noong mga panahong iyon, nagkasunod-sunod pa ang malalaking rali at kilos-protesta sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Kahit tutol ang kaniyang nanay, lihim pa ring dumadalo sa mga ito si Jhun-jhun—na suot-suot ang kaliwang tsinelas ng kuya niya. (Rivera 31)

Bilang nasa ikalawang pagpapalimbag na ang ikalawang edisyon ng *Si Jhun-Jhun, Noong Bago Ideklara ang Batas Militar,* may dakilang pangangailangan na ipinta ang ahitasyon ng mga bata sa panahong iyon. Sa kuwentong ito, ipinakikita na talunan ang bata, tinalo siya ng diktadurya, at sa panahong iyon, ang kontradiksiyon ay wala siyang magawa kundi ang umanib at sumali sa kilusan kahit sa isang palihim na paraan.

Malayo ang pagbabagong naganap sa representasyon ng batang naging biktima ng Batas Militar. Narito sa ikalawang libro ni Augie Rivera, isang dekada pagkatapos malimbag ang *Si Jhun-Jhun,* ikinukuwento muli ni Rivera ang isang batang may magulang na hinuli ng mga pulis at matiyagang naghintay sa pagbabalik ng kaniyang ina nang mangyari ang EDSA 1.

Umikot ang kuwento ng *Isang Harding Papel* (2014) sa pagbisita ng batang bida na si Jenny sa kaniyang ina sa loob ng preso, sa pagpapakita ng tortyur sa mga preso, at sa pagpapakita sa panlipunang kondisyon ng diktadurya noong dekada '70. Hango ang pamagat sa regalo ni Jenny sa kaniyang nanay sa loob ng selda, isang bulaklak na gawa sa diyaryo. Umabot ng pitong taon nang pag-iipon ng mga papel na bulaklak mula sa kaniyang Nanay sa selda. Inipon niya ito at naging isang hardin ng rosas. Nagtapos ang kuwento sa paglaya ng kaniyang ina noong 1986 sa kasagsagan ng EDSA People Power Revolution. Nagyakapan silang dalawa nang magkitang muli at namangha sa isang harding papel. Sentro ng kuwento ang simbolismo ng bulaklak na ang kadalisayan at ang karupukan ang siyang kabaligtaran ng katigasan ng

mga imahen ng armas at militar. Ang balintuna rito'y ito rin ang isa sa mga simbolo ng EDSA 1986 kasama ang rosaryo.

Sa kuwentong ito, ang mananalaysay ay nagsasalaysay sa ikatlong panauhan ngunit ngayon mas marami na siyang tinitingnan. Bilang nasa *omniscient point-of-view*, nakikita ng mananalaysay lahat ng nangyayari tulad na lamang nitong eksena sa paghahanda nina Jenny at ng kaniyang Lola Priming sa Camp Crame:

> Kinabukasan, agad na inihanda ni Lola Priming ang kanilang babaunin: piyambrera, maliit na termos ng tubig, ilang pirasong damit, libro, at magasin. Isinilid naman ni Jenny sa kaniyang bag ang mga drowing niya sa klase na may markang [bituin] at anim na pirasong nutribun.
>
> "Ay, Makoy! 'Wag!" saway ni Jenny sa alagang tuta nang bigla nitong sagpangin ang laylayan ng kaniyang *bell-bottoms*. "Gusto mong sumama?"
>
> "O! Tama na 'yang harutan n'yo! Lumakad na tayo at nang makauwi rin nang maaga," sabad ni Lola Priming. "Mahirap gabihin sa kalsada. Baka abutan pa tayo ng *curfew*." (Rivera 4–5)

Gayundin, makikita ang paghahagip sa malalawak na mga lugar sa biyahe paputang Camp Crame na ipinakikita sa kabataan ang hitsura ng dekada '70 sa mata ng tagapagsalaysay:

> Habang lulan ng bus sa EDSA, panay ang lingon ni Jenny sa mga nadaraanan nila—malilinis na kalsada, mapuputing pader at basurahang pininturahan ng kalburo, mga Metro Aide na nagwawalis sa bangketa, at mga dambuhalang bilbord na may mukha nina Pangulong Ferdinand Marcos at Unang Ginang Imelda Marcos na nagsasabing: **SA IKAUUNLAD NG BAYAN, DISIPLINA ANG KAILANGAN**.
>
> Panahon ng Batas Militar at ayon kay Lola, ang kalinisan, kaayusan, katahimikan, at iba pang mga pagbabago sa paligid ay bahagi ng pinapangarap ni Marcos na 'Bagong Lipunan.' (Rivera, 6)

Nakapaskil ang mukha ng mag-asawang diktador (Rivera 6–9) na tila nagsusumigaw na mga imahen ng kapangyarihan. Nakapatong sa mukha nina Jenny at ng kaniyang lola ang mga imahen ng isang *headline* na "FM Declares Martial Law" at ang *portrait* ng mag-asawang Imelda at Ferdinand Marcos (Rivera 9). Ipinakikita sa kabataan ang hitsura ng dekadang iyon, na tila balintuna sa sumunod na pahina dahil ang imahen ay ang Philippine Constabulary at kung paano ito ay isang preso na tila ba mukha ring sementeryo (Rivera, 10). Kasabay nitong mga eksena ang pagpapakita ng panunupil at pagkontrol ng estado sa mga bumibisita sa mga detenidong politikal:

> Nakaismid si Lola Priming habang kinakapkapan siya sa bulsa. Siniyasat ding mabuti ang laman ng bag na dala-dala niya.

Binusisi ang bawat pahina ng libro at magasin. At pati ang mga nutribun ay sinuri. *Baka tinitingnan kung masarap ang palaman!* naisip ni Jenny...

> Maya-maya pa, isa-isang inilabas ang mga nakapiring na 'binibisita'—kasama dito si Aling Chit. Maluha-luhang niyakap ni Lola Priming ang anak. (Rivera, 10–12)

Sa kuwentong ito, ipinakikita lamang ang karahasang idinulot ng batas militar sa kung paano ang mga bata ay walang kalayaan na gumalaw sa isang uri ng pamahalaan na awtokratiko. Tulad ng diktadurya ni Marcos, ipinipinta ang maliliit na eksenang ito upang ipakita ang sistema ng kawalang laya sa paggalaw at pamamahayag lalo na sa isipan ng isang batang tulad ni Jenny.

Masasabing mas nagpokus ang buong kuwento sa nostalgia at pagbibigay ng simpatya kay Jenny bilang anak ng detenidong politikal. Kalakhan ng kuwento ay hindi tungkol sa karahasang idinulot ng Batas Militar ni ang madilim na kasaysayan nito kundi ang pagpapakita kung paano naghihintay ang bata na makauwi ang kaniyang bilanggong ina. Nariyan halimbawa ang representasyon ng mga ilustrasyon sa libro tulad ng isang malaking *spread* ng magkayakap na mag-ina (Rivera 14–15), ang pagtatawanan nila habang kumakain sa pagbisita sa selda (Rivera 16), ang mga ordinaryong eksena sa isang linggo ng buhay ni Jenny sa paghihintay sa kaniyang ina (Rivera 19–20), ang pagyakap nilang mag-ina sa isang simbolikong

rosas na higaan sa loob ng kulungan (Rivera 24), at ang pagyapos ng Nanay niya sa aktong pagyakap na may nakapaskil na mga salitang "Balang-araw" sa litrato na tila nagpapahiwatig ng pag-asa (Rivera 28).

Isinisingit ng manunulat ang ilang pahiwatig ng kritisismo laban sa diktadurya sa tuwing may mga romantiko at sentimental na eksena sa libro. Isang halimbawa ang isa sa mga eksena ng pagbisita:

> "Bakit po kayo ipinakulong?" muntik nang mabulunan si Aling Chit sa tanong ng anak niya.
>
> "Paano, pag may rally, lahat ng pinapalabas naming mga dula sa kalye, laban kay Marcos. Hindi niya siguro nagustuhan!" pabirong sagot niya.
>
> "Ang sabihin mo, pakalat-kalat kasi sa kalsada 'yang nanay mo, kaya napasama sa mga 'iwinalis'!" hagikgik ng Lola Priming. (Rivera, 15)

Binigyang lunas ng may-akda at ng mangguguhit ang sintomas ng kawalan ng hustisya sa *Isang Harding Papel*. Taliwas sa kuwento ni Jhun-jhun, makakamit ni Jenny bilang isang gitnang uri ang hustisya. Ipinakita sa kuwento kung paano tulad ng mga bulaklak, matinik din ang kaniyang paghihintay sa kaniyang ina sapagkat kapalit nito ang lumbay ng paghihintay:

> Unti-unting napuno ng mga naipong bulaklak ang kuwarto ni Jenny.
>
> Mistulang isang hardin ang umusbong sa loob nito. Pitong taong gulang si Jenny. At gabi-gabi, habang nakatingala sa mga bituin, iisa lang ang tangi niyang hiling: "Sana, umuwi na ang nanay ko." (Rivera 29)

Magtatapos ang kuwento sa isang malaking spread ng eksena sa gitna ng unang People Power sa EDSA. Namamayaning ipininta ang dilaw bilang nagsusumigaw na kulay ng paglaya. Nakatayo sa may gilid sina Aling Chit at Jenny, nakangiting nakaharap sa paglaya ng mga taong-bayan sa loob ng EDSA. Tila nabura ng mahabang panahon ng ligalig at kawalang-katiyakan ang itinutumbas sa dulo ng kuwento, na ang katiyakan ay matatagpuan sa isang liberal na demokrasya:

> Taong 1986 nang maganap ang mapayapang People Power Revolution sa EDSA. Panahon ito ng paglaya at pagbabago.
>
> Katorse na si Jenny. Makalipas ang pitong taon, umuwi na rin sa wakas ang nanay niya. At habang mahigpit ang yakapan ng mag-ina, napatingala si Aling Chit—namangha sa isang harding papel na tila bumati at yumakap din sa kaniya! (Rivera, 31)

Epektibo ang pagtatawid ng aklat na ito mula sa dilim tungo sa liwanag. Matalas ang pagpaparamdam na ang Batas Militar ay isang kaputiang binabahiran ng maraming kontradiksiyon lalo na sa mga guhit na ipinakikita ang Bagong Lipunan at ang Camp Crame.

Subalit ang representasyon naman ng detenidong politikal sa karakter ni Aling Chit, ang ina ni Jenny, ay sadyang puno ng pagkukubli. Ipinahihiwatig lamang ang tortyur sa isang eksena na nakatalikod siya sa isang *constabulary* habang nakapiring ang mga mata. Walang kuwento tungkol sa tortyur na nararanasan ng isang detenidong politikal. Dagdag dito, ang representasyon ng estado ay sadyang walang emosyon at nakahanay lamang sa gilid ng isang gate (Rivera 10–11). Higit pa riyan, masayang kumakain sina Jenny at ang kaniyang nanay sa loob ng isang kampo (Rivera 16), ang espasyo ng militarisasyon. Lahat ito'y balintuna sa pagpapalambot ng larawan ng Batas Militar sa imahinasyon ng isang batang mambabasa.

Nahirati ang mga ilustrasyon ng mga kuwentong pambata ni Rivera sa dilaw. Makikita rin itong nagsusumigaw sa gitna ng kadiliman bilang matingkad na kulay ng tsinelas ng kuya ni Jhun-Jhun (Rivera 31). Makikita ang dominanteng kulay ng dilaw sa *Isang Harding Papel* sa loob ng bahay ni Jenny (Rivera 4–5), sa suot na T-shirt ni Aling Chit (Rivera 13), at sa kulay ng sanlaksang taong sumali sa EDSA 1986 (Rivera 31–32). Para bang sa isang iglap, ang buong espasyo'y nakaaninong dilaw.

Ayon kay Bienvenido Lumbera, hindi para sa naghaharing mga partido ang kulay-dilaw. Pagkatapos ng pagkamatay ni Ninoy Aquino noong Agosto 21, 1983, ang kulay-dilaw na dating idinikit sa mga unyon ng mga manggagawa na binili o kinontrol ng administrasyon o may-ari ng kompanya ay naging simbolo ng kilos-protesta, ng konotasyong anti-diktadurya, militansiya, at pagsasakripisyo sa sarili bilang isang bayani (Lumbera 55–56). Isinuot ng mga

taong nasa kilos- protesta ang *yellow ribbon* hango sa usong *pop song* na "Tie a Yellow Ribbon Round the Old Oak Tree" at tinugtog sa mga martsang bayan nang ilibing si Ninoy (Lumbera 56).

Kung babalikan ang pagtatapos ng *Isang Harding Papel*, nakakalat sa isang malaking spread ang mga taong-bayan na naka-"Laban" *sign* at nalulunod sa dilaw na liwanag. Sa pinakakanang gilid, may isang lalaking nakadilaw na *vest* ang iwinawagayway ang imahen ng Birheng Maria na sumisimbolo ng kapayapaan (Rivera 32). Para itong isang relihiyosong lakaran. Tulad ng EDSA People Power Revolution, ang kuwentong *Isang Harding Papel* ay nagpapakita ng ilusyon na malaya na ang Pilipinas at nagbago ang lipunang Pilipino sa yugto ng liberal na demokrasya. Masaya at nakangiti ang lahat nang mapayapa sa huling pahina ng kuwento.

Hindi pa naitatawid ang salimuot ng pandarahas ng militar sa pagtotortyur, sa pagdakip, at sa pagpaslang sa kuwentong ito. Gayundin, kailangang mapag-usapan ang balintuna ng EDSA People Power Revolution 1986, na pagkatapos nito at sa mga sumunod na taon, nagpapatuloy ang pang-aabuso sa karapatang pantao.

Ang mga kuwento ni Rivera ay mga uri ng realismo sa katha na ang pagpapakita ng panlipunang kondisyon ay tulad ng pagtingin sa isang salamin, nakatingin lamang tayo sa historikal na pangyayari. Maaaring sabihin na hindi pa ito nakatutugon sa radikal na adhikain ng kilusan laban sa diktadurya na basagin ang mga mito ng Batas Militar sa kasalukuyan. Kapuna-puna rin ang representasyon sa dalawang bata. Kung kay Jhun-jhun, may politikal na ahensiya ang karakter na sumali sa rali at manindigan, sa kaso naman ni Jenny, ang bata'y naghihintay ng kaniyang nanay na mapalaya ng People Power sa EDSA. Maski sabihing naghihintay siya sa pamamagitan ng pagpuno ng kaniyang kuwarto ng mga papel na bulaklak, sa mas malawak na pagtingin, makikitang naghihintay lamang siya na mangyari ang EDSA tulad ng isang batang pasibong nagpapatuloy sa kaniyang ordinaryong buhay kahit nasira ng diktadurya ang kaniyang pamilya. Walang pagpapaliwanag sa mga kuwentong ito kung bakit hindi pa dapat patawarin ang mga Marcos.

Gayunman, bumabawi ang mga kuwento sa intensiyon nito na ipakilala ang karahasan ng estado kahit hindi marahas ang representasyon ng Batas Militar sa kuwento. Ipinararamdam na lang ito sa lumbay na nararanasan ng mga karakter na nawalay sa kanilang mga minamahal. Marahil, hindi man nito ipinakita ang karahasan ng Batas Militar, may pahiwatig ang bawat kuwento ni Rivera na ang diktadurya ay mapaniil maski man sa pagkukuwento nito sa lebel ng mga bata.

Isa pang bagay na mapupuna dito ang desisyon ng palimbagan na ipakita ang dilaw bilang kulay ng paglaya, esteryotipo na nabuo dahil sa historikal na simbolismo ng kulay na ito sa kasaysayan ng EDSA People Power ng 1986. Marahil, mas magiging malaya ang representasyon kung hindi lamang sa dilaw nakapinta ang mga karakter. Naipahihiwatig ang demokrasya bilang nakakabit sa salitang *dilaw* sa halip na ipakitang may posibilidad itong maging arbitraryo, na ito lamang ay simbolo at kailangan nang kumawala sa ganitong paningin ang kabataan. Panahon nang basagin ang mito ng dilaw na demokrasya sa panitikan. Marahil, panahon nang umalagwa ang kulay at magbago ng signifikasyon para sa susunod na henerasyon ng pakikibaka laban sa diktadurya tulad ng makasaysayang paglaganap ng kulay rosas o kalimbahin na kulay ng pakikibaka ng mga mamamayan noong kasagsagan ng Halalan 2022.

### *Mga batang namulat sa mukha ng karahasan*

Tutugunan ng dalawang kuwentong pambata na may mapangahas na tema ang pagpapakita sa batang nakikisangkot sa mararahas na isyu ng Batas Militar. Ang *At the School Gate* ni Sandra Nicole Roldan at ang *Silent Witnesses* (*Mga Tahimik na Saksi*) ni Gigo Alampay (2019) ay mga uri ng pagkuwento sa kontradiksiyon na kinaharap ng lipunan pagkatapos ng EDSA People Power Revolt ng 1986.

Ang *At the School Gate* (2018) ay isang semi-awtobiyograpikal na katha na isinasalaysay ang pagdakip sa isang progresibong aktibista at pinagbintangang lider ng New People's Army sa panahon ng panunungkulan ni Corazon Aquino. Batay ang kuwento sa dyornal ni Sandra Roldan noong panahong nakakulong ang kaniyang ama.

Nakasulat sa unang panauhan ang *At the School Gate* at mula sa lente ng isang 15 taong gulang na Catholic school girl, si Ella Cortez, ang pokus ng kuwento. Sa kaniyang mga nakikita, naaalala, at ikinukuwento, natutunton niya ang katotohanan sa pagdakip sa kaniyang tatay ng mga militar sa pamamaraan ng pag-eespiya. Tila isang personal na sanaysay ang pagkakasulat sa kuwento sapagkat ang nagsasalitang persona ay isang mamamahayag na

ikinukumpisal ang kaniyang mga naiisip o saloobin bilang ang kaniyang gawain sa kuwento ay isa ring school journalist:

> But I stayed huddled over the typewriter, a young journalist with a mission. Just like Papa. Because I'm Ella Cortez, chip off the old block. I couldn't allow the voices of freedom and justice to be silenced by a missed dinner. Unfortunately, the forces of evil prevailed—the typewriter ribbon ran out. No computers for us young journalists. No electric typewriter either. Our adviser, Mrs. Camino, insisted we learn journalism like they did decades ago when she was a young Mass Comm student. Whatever, I had a two-hour jeep-bus-tricycle ride home to deal with. (Roldan 2)

Sapagkat nakasulat sa unang panauhan, maaaring ituring ang pagsasalita ng persona bilang pagsasatinig din sa personang "ako" ng isang mambabasa na tila siya rin mismo ay isinasatinig sa kaisipan ang kalooban ng may-akda. Kaiba sa unang dalawang kuwento, ang pokus sa kuwento ay nagmumula sa personal na karanasan ng karakter. Itinataas pa ng manunulat ang *suspense* o kaba sa misteryo ng kuwento nang buksan ang tunggalian nito, ang malaman na nahuli ang kaniyang ama ng mga militar sa matipid na wika ng kaniyang Tita Em, "Ella, They got your Papa" (Roldan 6).

Nakasulat sa malaking letrang "T" ang "They" sa halip na "they" sapagkat ipinahihiwatig ng manunulat dito ang pagiging institusyon at sentro ng kapangyarihan na nakakabit sa mga elemento ng estado na siyang dumukot sa kaniyang ama. Hindi lamang sila simpleng mga sundalo o ahente ng estado kundi nasa likod nila ang malalaking institusyon at ang bigat ng kasaysayan na dala-dala ng pagiging isang dating aktibistang nakibaka at nakipamuhay sa kanayunan. Narito at ipinakikita ng manunulat kung paano nabibigyang kapangyarihan ang salita at ng representasyon nito sa alaala. Bumabalik sa persona ang mga alaala ng kaniyang ama sa kaniyang pagkukuwento ng mga nakaraan nito:

> I stopped chewing. That last bite suddenly tasted like cardboard. She didn't need to tell me who *They* were: the military, the same people who tortured Papa years ago when he was still a journalism student at UP. Papa was an activist during the First Quarter Storm, fighting against the Marcos dictatorship when he was just a teenager. He was arrested and jailed twice during Martial Law. (Roldan 9)

Ipinakita ni Ella kung paano rin ang kaniyang tatay ay umalis sa kilusang nakikibaka at bumalik sa burgis na pamumuhay. Narito at ipinakikita ng manunulat ang kontradiksiyon ng isang sumanib sa armadong pakikibaka ngunit kaluna'y bumalik din sa siyudad:

> The last time we were there [cemetery in Marikina], I asked Papa if he stopped fighting the government because his friends died. He said, "As long as you see something wrong, you don't stop fixing it. You never really stop fighting. You just learn to fight in a different way." (Roldan 9)

Nadis-ilusyon muli si Ella sa pagkakahuli ng kaniyang tatay sapagkat nakulong din dati ang kaniyang ama sa loob ng preso. Ang kuwento pa nga niya, nabuo siya umano sa loob ng isang selda nang mag-"conjugal visit" ang nanay niya noong Valentine's Day ng 1976 (Roldan 10).

Napagtanto niya ang sentimyento ng kasalukuyan sa kung paano itinuturo sa kabataan na ilusyon ang EDSA People Power Revolution ng 1986,

> I thought that period in our family life ended in 1986 with People Power. Everyone flashed the *Laban* sign, Cory had yellow confetti parades, and EDSA became the most famous street in the world... I didn't know better because I was only nine at the time. I know now things are more complicated. I should have remembered my Grade Four history lesson: Bad presidents like Marcos may come and go but They will always stay in power. (Roldan 11)

Umigting ang pangamba sa buhay ni Ella at ng kaniyang pamilya sapagkat ang kontrabida sa kuwento ay mga miyembro ng militar. Umiigting ang pakiramdam ng ansiedad sa persona lalo na sa mga militar na umaaligid sa kaniyang buhay. Ipinakita ito sa isang spread na habang naglalakad sila ng kaniyang Tita Em pauwi ay may nakabantay na kahina-hinalang lalaki sa may poste ng ilaw:

> I noticed something weird happening to the ceiling. It slowly swelled and undulated like a huge balloon filled with jelly. It heaved like the belly of a giant reptile floating above my head. As I watched the wave-like movements of the ceiling, I realized Tita Em was still talking to me. I hadn't heard a word she said. She didn't seem to notice.
>
> She wanted us to cross the street to the hospital beside my school. It started to rain again. We could watch TV in one of the doctors' waiting rooms, while waiting for the rain to stop. I thought of the hard plastic chairs lining the corridors, and magazines abandoned when patients got summoned to have cold metal stethoscopes pressed to their hearts. We paid our bill and walked to the hospital, looking over our shoulders. A tall man wearing army boots grinned at us from across the street, his teeth shiny as bullets. (Roldan 14–15)

Sa mga ganitong pagkakataon, nakikita kung paano isinasalarawan ang isipan ng isang anak ng na-red tag ng pamahalaan. Umiikot sa kaniyang isipan ang mga kuwento kung paano ang militar ay isang represibong aparato ng estado na palaging minamanmanan o tinitiktikan ang mga kaaway nito sa uri. Pinaiigting ang paranoia sa pagsunod ng mga militar sa kanilang mga galaw na tila isa ring uri ng babala sa mga batang tulad ni Ella,

> Some guy assigned to follow us around. During Martial Law your Papa told me They did this as a form of psychological torture. They know where your loved ones are, what they do, what they wear to school. They can do anything to your children and no one will know. You're helpless because you're locked up. It's worse than the water cure. (Roldan 21)

Namamayani ang elemento ng pagmamanman sa kuwento na nakakiling sa mga pamilya ng mga inaakusahang NPA o komunista. Nananatili ang kuwento na walang kinikilingang politika sapagkat hindi nito hayag na ibinabandila ang isang uri ng politika na dapat kilalanin ng mga batang mambabasa. Mas ibinubunyag nito sa mata ng mga walang muwang sa *red tagging* o sa pagiging komunista ang masamang uri ng pagsikil sa karapatang pantao na iniwan ng diktadurya at nananatili pa maski nasa isang liberal na demokrasya na ang Pilipinas.

Isinakatawan ang diktadurya ng isang matangkad na lalaking nakasuot ng *army boots*, pinalilibutan ng kadiliman at maaaring sabihin na may pagkademonyo ang kaniyang mga ngiti (Roldan 15 at 36). Siya ang karakter na palaging tinutukoy ni Ella na "They" at "Them" sa malalaking titik upang linyahan ang pagkakaiba nating mga mambabasa sa mga elemento ng pasismo at kapangyarihan. Palagi niyang sinusundan kung saan pumupunta si Ella dahil minamanmanan niya kung ano ang susunod na galaw nito. Makikita pa natin na iigting ang karahasang ito dahil may suson din itong sikolohikal na tortyur sa isipan ng ama ni Ella.

Ipinakikita sa kuwento kung paanong sa panahon ng rehimen ni Corazon Aquino, nagpapatuloy pa rin ang paglabag sa karapatang pantao ng mga pinaghihinalaang sumanib sa insurhensiya at ipinagpapatuloy ang kilusang lihim noong Batas Militar. Nakapiring ang tatay ni Ella na ihinarap sa midya upang i-report na nahuli siya bilang isa sa pinakamataas na lider ng mga NPA (Roldan 18–19). May kaakibat naman itong sikolohikal na trauma sa bidang bata na ipinakita rin ang lumbay at ang takot na mahusgahan ng mga kaklase kapag pumasok siya ulit,

> Once inside the school gates, I knew I'd feel worse. All those faces looking at me…There would be question marks in their eyes: "Is it true? The news? Is your father…" I'd forget the smooth replies I had practiced all weekend, the simple sentences explaining a complicated thing I didn't really understand. A shrill ringing screamed through the morning's street sounds—First Bell. I wanted to turn around and disappear into a crowd like some people did at the end of the movies. (Roldan 34)

Ipinararamdam ng manunulat sa pamamagitan ni Ella ang anxiedad na kaniyang nararanasan bilang isang anak ng na-red tag o naakusahang komunista ng estado. Madilim man ang kalakhan ng paglalarawan sa buhay ni Ella noong panahong iyon, hindi ito nagkubli ni nagpaumanhin sa pagbasag ng mito ng Batas Militar. Nagtapos ang kuwento sa kanilang *school gate* nang komprontahin ni Ella ang militar na nagmamanman sa kaniya at sinabing layuan siya. Tila sa isipan, nais din niyang labanan ang namamayaning pagkontrol ng estado sa kaniyang kalooban sapagkat nakita niyang muli ito,

> But there he was again, a few feet away, grinning at me. The tall man in army boots leaned against a pillar near the school gate. Everything faded to silence. I didn't know what to do. I wanted to hit him with my Chemistry book. I wanted to run away. It was us against Them, me against him. But I knew I couldn't fight him—I saw the gun bulging through his shirt. Was it the same kind they put in Papa's bag to make him look like a criminal? I wished Papa were there with me at the school gate. I wished we could beat up the soldier again. (Roldan 37)

Sa huli'y ipinaramdam ni Roldan sa mambabasa ang agam-agam at ang posibilidad ng hindi na makita pang muli ang kaniyang ama. Nakapaloob din dito ang paglalaro niya sa mga panghalip, sa pagtukoy ng tunggalian ng mga may kapangyarihang pumatay at ng mga ordinaryong mamamayan na tulad niyang walang laban kundi ang kanilang salita at lakas.

Nagwagi ang bata sa aspektong ito na hindi umaasa sa isang *deus ex machina*. Hinarap niya ang nagmamanman na sundalo at sinabing tigilan na siyang sundan (Roldan 38). Sa pamamagitan ng kaniyang sariling pagpapasiya, ipinahihiwatig ni Ella ang kakayahan ng sanlaksang kabataan na harapin din ang mga elemento ng pasismo sa ating kasalukuyang panahon. Ang sundalo'y naglaho na parang bula, "His bullet teeth were nowhere in sight" (Roldan 40), at bumalik siya nang sandaling iyon sa kaniyang normal na buhay, sa loob ng paaralan, sa espasyo na idinidiskursong muli ang liberal na demokrasya at ang posibilidad ng paglaya. Tila ba nabura sa kaniyang isipan ang mga agam-agam dahil kinain na siya ng mga gawain sa paaralan at nagpatuloy ang kaniyang buhay sa gitna ng mga bagay na iyon kahit may pangamba na hindi niya makitang muli ang kaniyang ama (Roldan 40). May pahiwatig ang kuwento sa kakayahan ng bata na angkinin ang sariling ahensiya sa pagpapasya at pagpapakilala sa sariling kakayahan na labanan ang malalaking bagay tulad ng takot na dulot ng pasismo at mala-diktaduryang pagmamanman ng estado.

Kaalinsabay ng kuwento ni Ella ang pagpapablis sa salaysay ng isang biktima ng pagtotortyur noong Batas Militar sa anyo ng kuwentong pambata. Layon ni Alampay na bigyang boses ang mga nakaligtas mula sa pananamantala noong Batas Militar sa *Silent Witnesses* (*Mga Tahimik na Saksi*) (2019). Nakapablis ito sa Tumba-Tumba Children's Museum of Philippine Art, isang *online website* ng *non-profit* na organisasyong The Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS). Tinipon ni Alampay ang mga kuwento ng mga nakaligtas sa tortyur noong panahon ng Batas Militar at isinulat ito bilang isang kuwentong pambata.

Hindi nagpaumanhin ang *Silent Witnesses* sa representasyon ng tortyur. Pinili ng manunulat na iparinig sa mga bata ang boses ng matatanda. Nakasulat sa unang panauhan at ang pokus ng mga kuwento ay nasa mga mata ng mga testigo, ang mga biktima ng tortyur noong panahon ng Batas Militar. Sa simula pa lang ng kuwento, malinaw na sa mga batang mambabasa ang mga layunin ng nagsasalita, ang persona ng isang ama:

> Higit pa sa mga indibidwal na nagpahirap at nanakit sa akin, sinisisi ko ang diktaduryang Marcos. Nais kong mabasa ng aking mga anak at apo, sa tamang panahon, ang paghihirap na naranasan ng kanilang ama. Umaasa ako na magiging mas taimtim at personal ang kanilang damdamin tungkol sa panahon na ito ng ating kasaysayan, at matutuhan nila ang mga aral nito upang hindi na ito muling maulit. (Alampay 5)

Madilim ang paglalarawan ng persona sa kuwento. Nakilala natin siya bilang isang magsasaka at tindero sa palengke na hinuli at binugbog ng mga sundalo dahil inakusahan siyang nagpatuloy ng isang rebelde sa kaniyang tahanan.

Umigting pa lalo ang karahasan dahil dinakip siya, ibinartolina, tinortyur gamit ang estilo ng Russian roulette, hinampas ng riple sa ulo, ginawang ashtray ng sigarilyo ang kaniyang balat, at tinatakot na babarilin. Higit pa sa pisikal at sikolohikal na tortyur, nariyan din ang implikasyon ng pandarahas ng mga militar sa kaniyang pamilya at kabuhayan:

> Ang mas masakit pa, habang pinahihirapan ako ng Philippine Constabulary, pinupuntahan pa pala nila ang aking asawa na nagtatrabaho sa palengke, at hihingan ito ng pera kapalit ng aking kalayaan. Nung ako'y nakalaya, nalaman ko na wala na kaming pera, at wala na rin ang tindahan namin sa palengke. Nakitira na lang kami sa aking biyenan habang nagpapagaling ako sa pagpapahirap na dinanas ko.
>
> Inamin nila na inaresto nila ang anak ko at dinala siya sa kanilang kampo. Doon, sinabi

> ng isa sa mga opisyal sa akin na pinauwi na daw nila siya iyong araw ding iyon. Hanggang ngayon, hindi ko pa nakikita ang aking anak. (Alampay 14)

Sa mga ganitong kuwento na inilalahad ang nangyaring pagdukot sa anak ng isang maralita, hindi na wholesome o ikinukubli sa talinghaga ang pagpapakita sa katotohanan ng Batas Militar. Tinatrato ang mga bata na hindi musmos kundi may kakayahan din silang umunawa sa karahasang idinudulot ng isang diktadurya.

Nakatulong din sa pagpapataas ng diskurso ang kamalayang dala ng mga larawang iginuhit ni Renz Baluyot, na karamihan ay nasa anyo ng madidilim ngunit matitingkad na still life tulad ng upuang luis katorse ng pangulo na pinalamutian ng mga bungo, bungo ng kalabaw, mga sasakyang walang laman, mga bartolinang walang tao maliban sa litrato ni Ferdinand Marcos, mga baril at riple, upuang nakakadena, duguang sahig, at pulang tela.

Nagsusumigaw sa bawat pahina ng libro ang kawalan ng nilalang o tao: ang lumulutang na uniporme ng sundalo na may pahiwatig ng kawalan ng kaluluwa, ang pantalong hinubad mula sa persona, at ang tanging mga mukha na mayroon sa mga litrato ay ang baluktot na mukha ni Marcos katabi ang litrato ni Duterte sa isang telebisyon. Nakapatong sa itaas ang figurine ni Imelda Marcos. Tulad ng isang museo ng mga kahindik-hindik na mga bagay, ipinakikita ng mga bagay na naagnas ang pagkabulok ng namamayaning estado, ang pagbaluktot sa midya at impormasyon, at ang katigasan ng loob na mayroon sa mga pigura ng diktadurya. Masasabing tahimik man ang mga still life, napakaraming ikinubling bagay ang naihahayag sa isipan.

Sa At the School Gate at Silent Witnesses (Mga Tahimik na Saksi), ang mga persona ay awtobiyograpikal. Sila mismo ang mga mukha ng mga biktimang hindi na kailangang ikubli pa sa isang katha. Binibigyang kapangyarihan ang mga bata na makaramdam at umunawa ng mabibigat na tema tulad ng karahasan at paglabag sa karapatang pantao na may tunguhing hindi na muling ulitin ito sa hinaharap. Sa ganitong pagkakataon, ipinakikita ng mga kuwento ang posibilidad pang maisulat ang maraming uri ng panitikang pambata tungkol sa mga epekto ng Batas Militar sa buhay ng mga tao. Hindi nahihiwalay ang batang mambabasa sa posibilidad ng isang praxis, na magkaroon ng panibagong diskurso na magmumulat sa kaniya na makisangkot at makiisa sa laban para sa demokrasya.

## Kongklusyon: Ang lunas sa paglimot ay pagmulat sa kabataan

Natagpuan sa maikling pagsusuri na ito na may nabubuong tradisyon ng pagkukuwento tungkol sa Batas Militar na may pagkiling sa liberal na demokrasya at sa pinahahalagahan nitong prinsipyo, ang pagrespeto at pagprotekta sa karapatang pantao ng mga elemento ng estado at ng mga nahalal na pinuno sa kapangyarihan. Dagdag dito, ipinakikita rin sa mga kuwento ang pagtampok sa kahalagahan ng pagbabalik ng mga katangian ng liberal na demokrasya tulad ng malayang pamamahayag ng pagpuna sa isang diktador, proteksiyon sa karapatan ng mga minoridad, proteksiyon sa karapatang pantao at tamang proseso ng paglilitis o paghuhukom, paglaban sa mga anyo ng panunupil ng karapatan tulad ng extrajudicial killings at pag-desaparecido, at pagkakapantay-pantay sa pagkamit ng maginhawang buhay maski ano pa man ang uring kinabibilangan. Ang mga kuwento ay laging dumudulo sa alaala ng EDSA noong Pebrero 1986 bilang kuwento ng paglaya (maski sa pahiwatig ng kulay o sa mga ending ng kuwento), na kontra-diskurso sa nangyayari sa labas na isang madugong demokrasya sa pamamahala ni Rodrigo Duterte.

Pinatutunayan ng mga tekstong ito kung paano ang mga panitikang pambata tungkol sa mga biktima ng Batas Militar, bilang isang anyo ng midya, ay bukas din sa pagpapalaganap ng mga representasyon at natural na paniniwala tungkol sa kasaysayan ng Batas Militar. Ipinakikita ang pagbunyag sa katotohanan sa pamamagitan ng mga mala-realistikong pagkukuwento. Kung babalikan ang apat na kuwento, lahat ng mga karakter ay laging biktima ng karahasang idinulot ng Batas Militar. Kung gayon, ipinakikita sa kabataan na walang sinasanto ang diktadurya. Hindi nito binibigyan ng kalayaan ang kabataan na magpahayag ng sariling politika at paniniwala.

Ang mga kuwentong ito ay maituturing na lunan kung saan hinaharaya ang posibilidad na magkaroon ng kalayaan mula sa namamayaning diktadurya o sa mga naiwang bakas ng diktadurya. Itinuturo ng mga kuwento ni Rivera ang kahalagahan ng politikal na pakikibaka sa mga batang tulad ni Jhun-Jhun at Jenny na parehas nawalay sa kanilang mga mahal

sa buhay dahil naging biktima ng pagdakip o ilegal na detensiyon. Samantala, ang mga kuwento naman nina Roldan at Alampay ay pagpapakita sa mukha ng karahasan na ipinunla ng Batas Militar tulad ng red tagging na patuloy na namamayani sa kasalukuyan at ginagawang paraan ng estado upang magmanman o manghuli ng mga pinaghihinalaang komunista o rebelde. Ipinakikita sa mga kuwento nina Roldan at Alampay ang mukha at pakiramdam ng pagiging isang biktima ng Batas Militar sa mga pahina nito kaiba sa pagkukubli na nakikita sa mga kuwento at ilustrasyon ng mga libro ni Rivera.

Ngunit limitado rin ang lahat ng ito. Hindi pa ito ang buong hitsura ng kasaysayan ng Batas Militar. Tanging mga mapangahas na manunulat lang ang nagtangkang isulat ang kasaysayan sa anyong kuwentong pambata dahil narinig nila o naranasan nila ang kuwento nito ayon sa mga tunay na nakaranas ng Batas Militar noon.

Dagdag dito, makikita na limitado rin ang pagkatha sa mga karakter ng mga kuwento. May tendensiya ang mga kuwento tungkol sa Batas Militar na ituring ang bata bilang pasibo o aktibo. Pasibo dahil tinitingnan silang walang malay at musmos sa mga temang panlipunan. Ang mga bata sa kuwento ni Augie Rivera ay hinihintay lamang ang pagdating ng EDSA na tila ito ang makapagpapalaya sa bayan. Nahirati ang mga kuwento na ipalaganap ang mito ng EDSA.

Samantala, aktibo ang konsepto ng bata sa mga kuwento nina Roldan at Alampay dahil itinuturing nila ang mga bata na may kakayahan ding makinig at umunawa lalo na ng mabibigat na tema tulad ng pagpaslang, politikal na detensiyon, at tortyur. Ibig sabihin, ang mga sinulat nila ay mga umuusbong na kuwentong pambata tungkol sa Batas Militar na iniisip ang mga bata bilang may sariling ahensiya na unawain halimbawa ang epekto ng militarisasyon at red tagging na nagpatuloy pagkatapos ng 1986 sa parehong siyudad at kanayunan.

Ipinakikita ng apat na kuwento na hindi nakapagpapalaya sa kaisipan ang mga kuwentong pambata na talunan ang mga bata o kaya nama'y nagtatapos sa dilaw na mito ng demokrasya ang mga kuwento. Nabubura ang salimuot ng selebrasyon at binabaliko mismo ang esensiya ng isang rebolusyon. Ang mga kuwentong pambatang ito'y nagpahiwatig na ang EDSA People Power Revolt lamang ang pinakaangkop para sa Pilipinas. Hindi nito ipinakita kung papaano ang bayan mismo ay nalugmok din sa kahirapan pagkatapos ng EDSA. Naging kapuna-puna ang kulay ng dilaw upang angkupin ng mga nagtataguyod ng liberal na demokrasya. Marahil, dapat nang itawid sa makabagong talinghaga ng panahon ang paglaban sa diktadurya. Mas nakaangkop na ito dapat sa sosyo-realismo na ibinubunyag sa kabataan ang katotohanan ng diktadurya.

Sinasabi ni Catherine Belsey na ang klasikong realismo bilang estetika ng pagkatha ay bukas palagi sa distorsiyon/ilusyon at kahinaan na mababanaag sa representasyon ng mga karakter at pagbunyag ng ideolohiya nito (63). Maaaring tingnan ang mga kuwento sa isang banda bilang epektibong pagmimito sa panahon ng Batas Militar subalit sa kabilang banda, nakapaloob sa itinuturing na perpektong mga kuwento ang kahinaan nito. Ang mga di-malay na representasyon ng kahinaan ng kabataan na hintayin ang rebolusyon sa halip na gumawa ng paraan upang makisangkot ay isang marka ng ideolohiyang ipinalalaganap nito. Maski ganoon ang naging kinahinatnan ng kabataan, nais kong sabihin na mahalaga ang mga teksto bilang mga unang pag-akda na maaari pang sundan ng mga susunod na manunulat ng kuwentong pambata upang iangkop ang katotohanan ng pakikisangkot sa panahong nilulupig at winawarak ang kasalukuyang demokrasya sa gana ng kasinungalingan sa social media.

Sa lahat ng limitasyon nito, may ambag pa rin sa isang banda ang mga akda sa kampanya laban sa kasinungalingan at paglimot sapagkat sila ang mga kathang mayroon para sa mga bata na kumokontra-diskurso sa namamayaning kontra-liberal na demokrasyang naratibo at diskurso na nagmumula sa bibig ng mga sumunod na pangulo pagkatapos ni Noynoy Aquino. Ang pagkawasak sa labas ng kuwentong pambata ng liberal na demokrasya ay hinaharaya muli sa loob ng kuwentong pambata bilang pantasya o aspirasyon na mabago muli ng mga susunod na henerasyon ng kabataan ang ating hinaharap nang may mas mabuting pamumuno at malay sa karapatang pantao ng bawat Pilipino maski ano pa man ang politikal na ideolohiyang ipinaglalaban nito. May isang beses na-red tag ang mga librong pambata na pumapaksa sa Batas Militar at EDSA dahil daw pailalim na ginagawang radikal ang mga batang mambabasa (*CNN Philippines*). Ipinakikita ng pag-aaral na ito na hindi kailanman nasa papel at panitikan ang sagot sa pagbabago ng kaisipan. Daluyan lamang ito at tao pa rin ang siyang magtatakda at magdedesisyon sa kaniyang pagpanig at paniniwala sa buhay. Ang mga kuwentong pambata ay kuwento

lamang kung tutuusin ngunit nakita ng mga aparato ng estado ang kapangyarihan nito dahil ang namamayani sa kasalukuyan ay ang mga iniwang diskursong kontra-liberal na demokrasya ng nakaraang madugong estado ni Rodrigo Duterte. Hanggang ngayon, sa pagbabalik ng mga Marcos sa kapangyarihan, nasa proseso pa rin ang mga Pilipino sa pagbawi ng kasarinlan at kalayaang mamahayag na unti-unting tinatanggal sa kanila ng isang lupon ng mga elit, oligarkiya, at makapangyarihan sa pamahalaan.

Ilan lamang ito sa mga napansing puna sa mga kuwentong pambata na isinulat sa nagdaang dekada. Kailangang makawala sa maka-dilaw at kontra-liberal na demokrasyang diskurso ang mga susunod na magsusulat ng kasaysayan ng Batas Militar at EDSA 1986 sa mga kuwentong pambata.

Nangangailangang ilapit muli ng mga susunod na manunulat ang kuwentong pambata tungkol sa Batas Militar sa kasalukuyang reyalidad ng lipunang Pilipino. Isang halimbawa rito ang kuwentong *Si Kian* (Philippine Center for Investigative Journalism, 2017), na isinulat ni Weng D. Cahiles. Nakasulat ito sa estilo ng sosyo-realismo at inilimbag sa kasagsagan ng *war on drugs* ni pangulong Rodrigo Duterte. Ibinubunyag dito ang kuwento ni Kian Loyd Delos Santos, isang 17 taong gulang na Senior High School student na walang awang pinatay ng mga pulis sa isang operasyon ng Oplan Tokhang ng Philippine National Police. Sa pamamagitan ng pagkukuwento ng kaniyang talambuhay, ipinakita ng manunulat ang kaniyang karakter bilang isang mapagmahal na anak, kaibigan, at kaklase, at tulad ng maraming kabataan, may aspirasyon din siyang makatulong sa kaniyang magulang na OFW. Nagsilbing kilos-protesta ang kuwentong ito upang ikampanya ang paglaban sa pagpaslang sa mga bata na talamak noong taong iyon.

Marahil, marami pang kuwento na magbubunyag ng kahinaan at karahasan ng Batas Militar na hindi itinuturing ang mga bata na walang muwang at musmos. Sa panahong *mediated* na ang pakikipag-usap, marahil panahon na rin upang ang mga kuwentong pambatang tungkol sa Batas Militar ay mabasa sa digital na espasyo. Malaki ang pangangailangang maipakita sa mga bata ng henerasyong ito na hindi lamang iisang pagtingin ang mayroon sa Batas Militar. May pangangailangang pagtuunan ng pansin ang pagbaklas sa mga mito na iniwan ng EDSA at ni Marcos sa panahon ng mga pekeng impormasyon.

May di-lantad na pangarap ang mga librong pambata nina Rivera, Roldan, at Alampay tungkol sa Batas Militar. Tinatangka ng mga kuwentong ito na bigyan ng pag-asa ang kabataan na matagpuan ang lunas sa paglimot, ang pagbabalik sa kaisipan ng mga halagahan at katangian ng isang liberal na demokrasyang hindi dinungisan ng korupsiyon, nang sa gayon makalaya na sa kadiliman na iniwan ng karahasang idinulot ng mga diktador sa ating kasaysayan.

## SANGGUNIAN


Alampay, G. *Silent Witnesses (Mga tahimik na saksi).* CANVAS., 2019.

Belsey, C. "Constructing the Subject: Deconstructing the Text." *Feminist Criticism and Social Change: Sex, Class, and Race in Literature and Culture,* edited by Judith Newton and Deborah Rosenfelt, Methuen, 1985.

---. *Critical Practice.* Routledge, 2002.

CNN Philippines Staff. "NICA Chief Red-tags Publishing House Selling Martial Law Books for Kids." *CNN Philippines.com*, 2022 Mayo 13.

Croteau, D. at Hoynes, W. *Media: Industries, Images, and Audiences*. Fifth Edition, SAGE Publications, 2013.

European Center for Populism Studies. "Liberal Democracy." *European Center for Populism Studies*, 2023, populismstudies.org/Vocabulary/liberal-democracy/.

Evasco, E. "Ang Panitikang Pambata sa Filipinas: 2000–2013." *Bumasa at Lumaya 2: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines.* Anvil Publishing, Inc., 2016.

---. "Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, vol. 8, no. 2, 2011, mp. 105–114.

---. "Paglugay sa mga Pambihirang Buhok: Ang Semiotika ng Buhok sa mga Ilustrasyon ng Aklat Pambata." *Philippine Humanities Review*, vol. 9, 2007, mp. 140–168.

Lumbera, B. "After the Yellow Year: The Literary Scene since 21 August 1983." *Writing the Nation/ Pag-akda ng Bansa*. UP Press, 2000.

Nikolajeva, M. N. at Scott, C. *How Picturebooks Work.* Garland Publishing, 2001.

Ortiz, W. "Mga Kuwadro at Rekwerdo ng Kasaysayan: Pagsusuri ng Limang Historikal na Kathang Pambata." *Lagda: Journal ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas*, vol. 10, no. 1, 2015, mp. 107–128.

Paterno, M.E. "A History of Children's Literature in the Philippines." *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines*. E-book ed., Anvil Publishing Inc., 1994.

Patterson, M. "Children's Literature as a Vehicle for Political Socialization: An
Examination of Best-Selling Picture Books 2012–2017." *The Journal of Genetic Psychology*, vol. 180, no. 4–5, Hulyo 2019, mp. 231–250, https://doi.org/10.1080/00221325.2019.1635077.

Rivera, A. *Isang Harding Papel*. Adarna House, 2014.

---. *Si Jhun-Jhun Noong Bago Ideklara ang Batas Militar.* UNICEF at Adarna House, 2001.

Robles, R.E. *Marcos Martial Law: Never Again*. Filipinos for A Better Philippines, Inc, 2016.

Rodnik, D. "Why Should Liberal Democracies Exist?" *YouTube*, ini-upload ni CID Harvard, 10 Mayo 2018, https://www.youtube.com/watch?v=yd2Lqp--WE4.

Roldan, S.N. *At the School Gate*. The Bookmark Inc., 2018.

Stephens, J. *Language and Ideology in Children's Fiction*. Longman, 1992.

Thompson, Mark R. "Bloodied Democracy: Duterte and the Death of Liberal Reformism in the Philippines." *Journal of Current Southeast Asian Affairs,* vol. 35, no. 3, 2016, mp. 39–68.

Tolentino, R. "Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media, at Diskurso ng Bata." *Malay*, vol. 21, no. 1, 2008, mp. 1–11.

Yu, R.T. "Panitikang Pambata, Edukasyon, at Konsepto ng Bata: Mga Palaisipan at Panukala." *Humanities Diliman*, vol. 8, no. 1, 2011.